History of Barangay

Nuong unang panahon ang Cadanglaan ay isang maliit na Sitio na di nagtagal ito ay naging Baryo nuong 1953 at ganap na rehistrado nuong taong 1955.Ito ay may sukat na humigit kumulang na 170 hektars.

Marami na ring naupong naging mga Kapitan Ito ay sina SIMON GUZMAN at si G. PASCUAL CORTES na naging tenyente del Baryo at sinundan ni Kapitan ROMULO CALURA, ILDEFONSO DAGA , BENJAMIN ALCANTARA , NESTOR CAPINPIN atVIVENCIO T. MARTIN, at ng ating kasqlukuyang kapitan na si G. RODRIGO T. CALURA

Ang mga proyektong inumpisahan ng aming mga naging kapitan ay pinagpapatuloy ng aming bagong kapitan Lalo niyang pinapaganda at pinapaayos ang mga gusali at naglaan ng pondo para sa pagpapaganda ng aming pamayanan.

Ang aming populasyon ng cadanglaan ngayon ay umaabot ng 855 at ang bilang ng bahay ay umaabot na ng 169 . Masasabi nating umuunlad ang baryo Cadanglaan dahil sa pagkakaroon ng mga mamamayan na nagtratrabaho ayon sa kanilang natapos na kurso.

Kaya masasabi kung ang baryo Cadanglaan ay matatawag na mapayapang Barangay.

PISIKAL NA ANYO

➢ Lokasyong Pangheyograpiya *(Geographical Location)*

Ang Barangay CADANGLAAN ay humigit kumulang isang kilometro mula sa kabayanan ng Pura. Ito ay napalilibutan ng mga sumusunod na barangay:

Hilaga *(North)*	:	TOLEDO
Timog *(South)*	:	MAASIN
Silangan *(East)*	:	SAN MIGUEL
Kanluran *(West)*	:	MAUNGIB

➢ Uri/Klasipikasyon ng Barangay: / Rural ___ Urban

➢ Kabuuang Lawak ng Lupain 170 Hektarya

Residensyal	:	
Pangsakahan	:	
Pangkomersyo	:	____
Iba pa	:	____

Ang Barangay CADANGLAANI ay mayroong isang (1) Barangay Hall, at isang(1) DayCare Center at isang (1) Basketball Court na ginagamit ng mga kabataan, dito ay iminumulat sa larangan ng mga palakasan, upang mailayo sa masasamang bisyo.

Ingles, Pilipino at ilokano ang wikang ginagamit habang tagalog naman ang gamit sa pakikipag-usap sa mga tao.